



## PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO PARA SA MGA BISITA

### 1 Panimula

Ginagamit namin ang iyong personal na impormasyon upang matupad ang aming pangakong magbigay ng walang kapantay na karanasan para sa bisita kaugnay ng lahat ng iyong pakikipag-ugnayan sa Hyatt (ang “**Layunin**”). Bilang bahagi ng pangakong iyon, nangangako kami na pangangalagaan ang pagkapribado ng personal na impormasyong aming naipon.

Bilang isa sa aming mga bisita o sinumang kasama namin sa negosyo, nauunawaan mo at sumasang-ayon ka na kinokolekta, ginagamit at ibinubunyag namin ang iyong personal na impormasyon alinsunod sa Patakaran sa Pagkapribado para sa mga Bisita na ito (ang “**Patakaran**” na ito).

### 2 Ang Pagpapatupad ng Patakarang ito

Pinapatupad ang Patakarang ito sa personal na impormasyon patungkol sa mga bisita at sa iba pang mga indibidwal kung kanino kami nakikipag-transaksyon o bumibisita sa amin, at sa paggamit ng personal na impormasyong iyon sa anumang paraan, pasalita man, electronic at/o pasulat. Ang Patakaran na ito ay ipinapatupad maliban kung may isang natatanging patakaran sa pagkapribado ng isang bansa/rehiyon para sa iyo base sa iyong pagka-mamamayan/paninirahan o kung ang Lokasyon ng Hyatt (ayon sa pagtukoy sa ibaba) ay nasa gayung bansa/rehiyon.

Ang Patakaran na ito ay nagpapatupad sa commitment ng Hyatt na pangalagaan ang iyong personal na impormasyon at pinagtitibay ng lahat ng mga hiwalay at sariling mga legal na entity na namamahala, nagpapalakad, may prangkisiya, nagmamay-ari at/o nagbibigay ng mga serbisyo sa mga lokasyong pinapalakad sa ilalim o kaanib ng Hyatt®, Park Hyatt®, Miraval®, exhale®, Grand Hyatt®, Hyatt Regency®, Andaz®, Hyatt Centric®, The Unbound Collection by Hyatt®, Hyatt Place®, Hyatt House®, Hyatt Ziva™, Hyatt Zilara™ o Hyatt Residence Club® mga tatak sa buong mundo, kabilang ang mga independyenteng lokasyon na may tatak na kaanib ng Hyatt (pang indibidwal, isang “**Lokasyon ng Hyatt**” at pinagsama, ang “**mga Lokasyon ng Hyatt**”). Kasama sa mga entity na iyon ang Hyatt Hotels Corporation, ang mga direkta at hindi direkta nitong subsidiary, at ang lahat ng hiwalay at natatanging legal na entity na nagmamay-ari sa mga indibidwal na mga Lokasyon ng Hyatt buong mundo o nagbibigay ng mga serbisyo sa iyo sa ilalim ng tatak na Hyatt. Ang pagbanggit sa “**Hyatt**”, “**kami**” at “**amin**” sa kabuuan ng Patakarang ito, depende sa konteksto, ay tumutukoy sa kabuuan sa mga hiwalay at natatanging legal na entity.

Bagama't ang layunin sa Patakarang ito ay ilarawan ang pinakamalawak na sakop ng aming mga aktibidad sa pagproseso ng personal na impormasyon sa buong mundo, maaaring mas limitado ang mga aktibidad na iyon sa pagproseso sa ilang hurisdiksyon batay sa mga paghihigpit ng kanilang mga batas. Halimbawa, maaaring limitahan ng mga batas ng isang partikular na bansa/rehiyon ang mga uri ng personal na impormasyon na maaari naming kolektahin o ang paraan kung paano namin pinoproseso ang personal na impormasyong iyon. Sa mga pagkakataong iyon, inaayos namin ang aming mga panloob na patakaran at/o kasanayan upang sundin ang mga iniaatas ng lokal na batas.

Kung isa kang associate ng Hyatt, pakitingnan ang Patakaran sa Pagkapribado para sa Mga Empleyado o ang nalalapat na patakaran sa pagkapribado ng iyong employer, dahil



hindi nalalapat ang Patakarang ito sa iyong personal na impormasyon, maliban kung kinolekta sa kakayahan mo bilang bisita.

### 3 Mga Uri ng Personal na Impormasyon na Kinokolekta Namin

Tinutukoy ng terminong “**personal na impormasyon**” sa Patakarang ito ang impormasyong kumikilala o may kakayahang magbigay ng pagkakakilanlan sa iyo bilang isang indibidwal. Kasama sa mga uri ng personal na impormasyong pinoproseso namin (na maaaring magbago ayon sa hurisdiksyon batay sa naaangkop na batas) ang:

- iyong pangalan, kasarian, mga sariling detalye sa pakikipag-ugnayan at sa trabaho, titulo ng negosyo, petsa at lugar ng kapanganakan, larawan, nasyonalidad at impormasyon ng passport at visa;
- impormasyong biometric, pagkakilala sa boses (hal., Alexa), pagkakilala sa mukha;
- impormasyon sa panunuluyan ng bisita, kasama ang mga hotel kung saan ka nanuluyan, mga petsa ng pagdating at pag-alis, mga produkto at serbisyong binili, mga espesyal na kahilingan na ginawa, mga obserbasyon tungkol sa iyong mga kagustuhan sa serbisyo (kasama ang mga kagustuhan sa kuwarto at bakasyon), mga numero ng telepono na tinawagan at mga fax, mga text at mensahe sa telepono na natanggap;
- mga detalye ng iyong credit card, at mga detalye sa paraan ng pagbabayad at mga detalye ng iyong account at kredensyal para sa programa para sa madalas na bisita ng Hyatt at anumang programa para sa taong madalas sumakay ng eroplano o kasama sa paglalakbay;
- anumang impormasyong kinakailangan upang maibigay ang mga espesyal na kahilingan (hal., mga kundisyon sa kalusugan na nangangailangan ng partikular na akomodasyon o mga serbisyo);
- impormasyon, puna o nilalaman na ibibigay mo hinggil sa iyong mga kagustuhan sa marketing, sa mga survey, sweepstake, paligsahan, o pampromosyong alok, o sa aming mga website o app at sa mga third party;
- impormasyong nakolekta habang nasa isang Lokasyon ng Hyatt gamit ang mga closed circuit television system, internet system (kabilang ang mga wired o wireless network na kumukuha ng data tungkol sa iyong computer, smart o mobile device, o iyong lokasyon), card key at iba pang mga system ng seguridad at teknolohiya;
- impormasyong nakolekta habang ina-access mo ang isang app ng Hyatt o website ng Hyatt (mas detalyado namin itong ipinapaliwanag sa Seksyon 7 at 8 sa ibaba);
- mga detalye sa pakikipag-ugnayan at iba pang mga may-katuturang detalye patungkol sa empleyado ng mga pangkumpanyang account at vendor at iba pang mga indibidwal kung kanino kami nakikipagtransaksyon (hal., mga ahente sa paglalakbay o tagaplano ng pulong at event); at
- sa mga limitadong pagkakataon, impormasyon ukol sa kredito ng mga customer.

Ang karamihan sa personal na impormasyong pinoproseso namin ay impormasyon na alam mong ibinibigay mo sa amin o ng isang taong kumikilos sa ngalan mo. Subalit, sa ibang mga pagkakataon, pinoproseso namin ang personal na impormasyon na mahihinuha namin tungkol sa iyo base sa ibang impormasyon na iyong ibinigay sa amin o habang nakikipag-

ugnay sa iyo, o personal na impormasyon tungkol sa iyo na aming natanggap mula sa isang third party (tulad ng ahente ng iyong paglalakbay, airline, employer (kung saan ang iyong employer ang gumagawa ng iyong paglalakbay para sa iyo), ang iyong third party card o tagabigay ng loyalty scheme). Mailalapat din ang Patakarang ito sa personal na impormasyon tungkol sa iyo na natatanggap namin mula sa isang third party, maliban kung partikular na sinasaklaw ng naturang patakaran sa pagkapribado ng third party.

Maaaring may mga pagkakataon kung saan ang personal na impormasyong ibinigay mo sa amin o nakolekta namin ay itinuturing na Sensitibong Personal na Impormasyon sa ilalim ng mga batas sa pagkapribado ng ilang bansa o mga rehiyon. Inilalarawan ng mga batas na iyon ang **“Sensitibong Personal na Impormasyon”** na personal na impormasyon kung saan maaari naming matukoy o mahinuha ang pinagmulang lahi o etnisidad, mga opinyon sa politika, mga paniniwala sa relihiyon o iba pang mga paniniwala na may kaparehong katangian, pagiging miyembro ng isang trade union o samahan ng mga propesyonal, kalusugan o kundisyong pisikal o ng pag-iisip, medikal na panggagamot, data ng gene, impormasyong biometric, at impormasyon tungkol sa sekswal na pamumuhay o sekswal na oryentasyon ng isang indibidwal. Sa ilang bihirang pagkakataon, ang mga pampinansyal na talaan ay maaaring bumuo sa Sensitibong Personal na Impormasyon kung saan ka matatagpuan. Pinoproseso lang namin ang Sensitibong Personal na Impormasyon sa iyong hurisdikyon kung, at sa sakop na, pinapahintulutan o iniaatas ng may-kaugnayang batas.

Kapag sumang-ayon ka sa Patakarang ito, ibinibigay mo, sa sakop na iniaatas sa ilalim ng iyong lokal na batas, ang iyong hayagan at nakasulat na pahintulot sa pagproseso ng anumang personal na impormasyon na ibinigay mo sa Hyatt na itinuturing na Sensitibong Personal na Impormasyon o itinuturing na impormasyon sa pananalapi. Sa limitasyong iniaatas ng batas, hindi ka obligadong magbigay sa Hyatt ng anuman sa iyong Sensitibong Personal na Impormasyon, at kung piliin mong hindi magbigay, hindi ka nito mapipigilang bumili ng anumang mga produkto o serbisyo mula sa Hyatt.

#### **4 Paano Namin Ginagamit ang Personal na Impormasyon**

Batay sa mga naaangkop na batas, maaari kaming mangolekta, gumamit, at magbunyag ng mga bahagi ng iyong personal na impormasyon upang:

- makapagbigay at makapaningil para sa panunuluyan sa hotel at iba pang mga produkto at serbisyo;
- makapagbigay sa iyo ng mas mainam o mas personal na antas ng serbisyo kabilang ang impormasyon at mga serbisyo mula sa third party (gaya ng mga karagdagang serbisyo sa bisita sa mga hotel at resort ng Hyatt, lokal na atraksyon at mga opsyon sa transportasyon);
- padaliin ang mga serbisyo para sa iyo, kabilang ang mga transaksyon sa restawran at transportasyon;
- mapangasiwaan ang programa para sa madalas na bisita ng Hyatt (hal. World of Hyatt®);
- maisakatuparan ang mga obligasyon ayon sa kontrata sa iyo, sa sinumang nauugnay sa proseso ng paggawa sa mga kasunduan sa iyong paglalakbay (hal., mga ahente ng paglalakbay, mga tagapag-ayos ng paglalakbay ng pangkat o iyong employer) at mga vendor (hal., mga kumpanya ng credit card, airline operator at loyalty program ng third party);

- magsagawa ng pananaliksik sa merkado, mga survey tungkol sa kasiyahan ng customer at pagpapanatili ng kalidad, at direct marketing at mga promosyon sa pagbebenta (subalit mangyaring tingnan ang Seksyon 9 sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano namin pinapalakad ang direct marketing);
- magbigay-daan para sa kaligtasan at seguridad ng kawani, mga bisita at iba pang mga panauhin;
- pangasiwaan ang pangkalahatang pagtatago ng talaan;
- tuparin ang mga kinakailangang legal at sa pagkontrol;
- subukan at suriin ang mga bagong produkto at serbisyo; at
- maproseso ang mga paglalapat ng kredito (halimbawa, sa konteksto ng mga lokasyon ng Hyatt Residence Club).

Ginagamit ng Hyatt at pinapanatili ang iyong personal na impormasyon hangga't kailangan upang maisakatuparan ang layunin kung bakit ito pinroseso, at alinsunod sa aming mga obligasyong legal at pagkontrol at mga tagubilin ng pamamahala ng panganib.

## **5 Mga Pagbubunyag ng iyong Personal na Impormasyon**

Maaari naming ibunyag ang iyong personal na impormasyon nang pana-panahon. Palagi naming titiyakin na sumusunod ang pagbubunyag sa naaangkop na batas. Sa ilang hurisdiksyon, maaaring hilingin sa amin ng mga batas sa pagkapribado ng data na hingin ang iyong pahintulot bago namin ilipat ang iyong impormasyon mula sa iyong pinagmulang bansa papunta sa iba pang mga bansa. Kapag sumang-ayon ka sa Patakarang ito, sa limitasyong iniaatas at pinapahintulutan sa ilalim ng iyong lokal na batas, pinapahintulutan mo ang pagbibigay ng iyong personal na impormasyon sa mga naturang ibang bansa para sa Layunin at sa limitasyong nakasaad sa seksyong ito at ayon sa inilalarawan sa Seksyon 4 sa itaas.

Kasama sa mga pagkakataon kung saan maaari kaming gumawa ng naturang pagbubunyag (bukod pa sa mga inilarawan sa Seksyon 4 sa itaas) ang:

### **5.1 Sa aming Mga Ahente, Tagapagbigay-Serbisyo at Supplier**

Gaya ng karamihan ng mga international na brand ng hotel, maaari naming i-  
outsource ang pagproseso ng ilang trabaho at/o impormasyon sa mga third party. Kapag na-outsource namin ang pagproseso ng iyong personal na impormasyon sa mga third party o kapag ibinigay namin ang iyong personal na impormasyon sa mga third party na tagapagbigay-serbisyo, hinihiling namin sa mga third party na iyon na protektahan ang iyong personal na impormasyon alinsunod sa mga tuntunin at kundisyon ng Patakarang ito, na may mga naaangkop na panseguridad na hakbang.

### **5.2 Mga Pananaw ng Consumer**

Kapag nagpapanatili kami ng personal na impormasyon tungkol sa iyo, maaari naming ibunyag ang personal na impormasyong ito sa iba pang mga kumpanya na may hawak din ng impormasyon tungkol sa iyo. Maaaring pagsama-samahin ng mga kumpanyang ito ang impormasyon upang mas maunawaan ang iyong mga kagustuhan at interes, na magbibigay-daan sa kanila at sa amin na mapaglingkuran

kayo nang mas mahusay. Kung ginamit ang iyong personal na impormasyon para sa mga layunin ng direktang marketing, may karapatan kang tutulan iyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakapaloob sa ilalim ng Seksyon 12 sa ibaba. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano namin pinapalakad ang direct marketing ay maaaring mahanap sa Seksyon 9 sa ibaba.

### **5.3 Pahintulot sa Kredito**

Kapag humiling ka ng kredito, gagamitin ang iyong personal na impormasyon at ipapaalam ito sa mga naaangkop na third party alinsunod sa mga naaangkop na batas para sa layunin ng pagtukoy kung magbibigay at magpapanatili ng linya ng kredito para sa iyo.

### **5.4 Mga Paglipat ng Negosyo**

Habang patuloy naming pinapaunlad ang aming negosyo, maaari kaming magbenta ng mga hotel at iba pang mga asset, o huminto sa pamamahala o pag-franchise ng isang Lokasyon ng Hyatt. Sa mga pagkakataong iyon, maaari naming isama ang personal na impormasyong nakolekta tungkol sa iyo, o ang kontrol sa personal na impormasyong iyon, bilang isang asset sa negosyo sa anumang naturang paglilipat. Gayundin, sa hindi inaasahang kaganapan na kami, o ang halos lahat ng aming asset, ay makuha, ang personal na impormasyong nakolekta tungkol sa iyo, o ang kontrol sa naturang impormasyon, ay maaaring isa sa mga lililipat na asset.

### **5.5 Programang E-Folio**

Kung isa kang empleyado o hiwalay na contractor ng isang kumpanyang lumalahok sa Programang E-Folio ng Hyatt, at ginagamit mo ang credit card ng kumpanya na ibinigay sa iyo ng iyong employer (kung isa kang empleyado) o kliyenteng kumpanya (kung isa kang hiwalay na contractor) upang bayaran ang iyong bill sa hotel sa isang ari-arian ng Hyatt, maaari kang makinabang sa Programang E-Folio ng Hyatt.

Sa ilalim ng Programang E-Folio, electronic na ipapadala ang isang extract ng iyong bill (kasama ang mga petsa ng iyong panunuluyan, mga detalye ng iyong credit card at mga halagang naipon sa ari-arian ng Hyatt kasama ang mga pagsingil sa kuwarto at lahat ng pagsingil mula rito ngunit hindi limitado sa mga pagsingil sa pagkain, inumin at paglilibang) ng ari-arian ng Hyatt sa pamamagitan ng sistema ng impormasyon ng Hyatt na matatagpuan sa U.S. patungo sa Hyatt o sa isang third party na tagapagbigay-serbisyo na matatagpuan sa Estados Unidos na kumikilos sa ngalan ng Hyatt upang pagsama-samahin ang extract at ilipat ito sa:

- operator ng network ng credit card, nagbigay ng credit card at/o mga partikular nilang subcontractor, na magpapasa ng extract sa iyong employer o kliyenteng kumpanya (at/o mga partikular nilang subcontractor) upang pangasiwaan ang pagproseso at pagsubaybay sa iyong mga gastusing nauugnay sa paglalakbay; o
- sa ilang limitadong pagkakataon, direkta sa iyong employer o kliyenteng kumpanya (at/o mga partikular nilang subcontractor) para sa parehong layunin.

Ang mga entity na makakatanggap ng extract ng iyong bill ay maaaring matagpuan sa Estados Unidos, na walang mga batas sa pagkapribado na partikular na tumutugon nang detalyado sa lahat ng paggamit ng personal na impormasyon sa parehong paraan kagaya sa ibang mga bahagi ng mundo (partikular na sa Europa, Canada, Australia, South Africa at kalakhan ng South America). Upang matiyak na napoprotektahan ang iyong personal na impormasyon, ang paglipat ng impormasyong iyon sa sistema ng impormasyon ng Hyatt na matatagpuan sa U.S. ay pangangasiwaan ng aming mga naaangkop na panuntunan ng kumpanya (kung saan naaangkop sa iyo ang mga ito - para sa karagdagang impormasyon mangyaring tingnan ang Seksyon 12 sa ibaba). Ang third party na tagapagbigay-serbisyo na kumikilos sa ngalan ng Hyatt upang pagsama-samahin ang extract ay mapapailalim sa mga probisyon ng kontrata na tumutugon sa mga hinihingi ng mga ipinapatupad na panuntunan sa kumpanya ng Hyatt.

Sa sandaling mailipat ang personal na impormasyon sa operator ng network ng credit card, nagbigay ng credit card, iyong employer o kliyenteng kumpanya at/o mga partikular nilang subcontractor, hindi na ito sakop ng mga proteksyong inilalarawan sa Patakarang ito, sa halip, masasakop ito ng mga sarili mong kasunduan sa iyong employer o kliyenteng kumpanya, nauugnay na operator ng network ng credit card at/o nauugnay na nagbigay ng card.

## **5.6 Mga Legal na Kinakailangan**

Nakalaan sa amin ang karapatan na ibunyag ang anumang personal na impormasyon na nasa amin patungkol sa iyo kung inutos sa amin ng isang hukuman na gawin iyon o hiniling sa amin ng isang pampamahalaang entity na gawin iyon o kung matukoy namin na kailangan o mainam ito upang makasunod sa batas o upang protektahan o ipagtanggol ang aming mga karapatan o ari-arian alinsunod sa mga naaangkop na batas. Nakalaan din sa amin ang karapatan na panatilihin ang personal na impormasyong nakolekta at iproseso ang naturang personal na impormasyon upang makasunod sa mga batas at regulasyon sa accounting at buwis at anumang mga partikular na batas sa pagpapanatili ng talaan.

## **6 Pandaigdigang Paglipat ng Personal na Impormasyon**

Gaya ng karamihan ng mga negosyong international, pinagsama-sama namin ang ilang aspeto ng aming mga aktibidad sa pagproseso ng data alinsunod sa mga naaangkop na batas, na, sa maraming pagkakataon, ay magreresulta sa pagkakalipat ng iyong personal na impormasyon mula sa isang bansa patungo sa isa pa. Halimbawa, kung magpapareserba ka at/o mananatili sa isa sa mga Lokasyon ng Hyatt sa labas ng Estados Unidos, ililipat at ipoproseso ang personal na impormasyong nakuha sa prosesong iyon sa Estados Unidos, alinsunod sa mga ipinapatupad na panuntunan ng kumpanya ng Hyatt (kung saan nalalapat ang mga ito sa iyo - para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aming ipinapatupad na panuntunan ng kumpanya mangyaring tingnan ang Seksyon 12 sa ibaba). Ang mga hurisdiksyon kung saan ipoproseso ang impormasyong iyon ay maaaring mayroon o walang mga batas na nag-aatas na panatilihin ang pagkapribado ng personal na impormasyon. Sa kabila noon, sa tuwing ililipat ang iyong personal na impormasyon sa loob ng mga kumpanya ng Hyatt, ipoproseso ang iyong personal na impormasyon alinsunod sa mga tuntunin at kundisyon ng Patakarang ito at ng mga naaangkop na batas. Isang listahan ng mga Lokasyon ng Hyatt kung saan ipapadala ang iyong personal na impormasyon, at



ang mga hurisdiksyon kung saan ito matatagpuan, ay maaaring mahanap sa pamamagitan ng pagpili sa “Lahat” (All) sa: <https://www.hyatt.com/explore-hotels>.

Bilang karagdagan, ilan sa mga supplier na third party kung saan namin pinapadala ang iyong personal na impormasyon ay maaaring nakabase sa iba't ibang lugar, ang ilan dito ay maaaring may mas mababang antas ng pangangalaga sa data kaysa sa iyong pinanggalingang bansa Kapag aming ipinadadala ang personal na impormasyon sa mga third party, sinisigurado naming mayroong angkop na pangangalaga, at inoobliga ang mga third party na iyon na pangalagaan ang iyong personal na impormasyon ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng Patakaran na ito, nang may angkop na mga panseguridad na hakbang. Malawak na nahahati ang mga third party na ito sa dalawang grupo: (i) mga supplier na lokal na sumusuporta sa mga indibidwal na Lokasyon ng Hyatt o mga grupo ng mga Lokasyon ng Hyatt, na nagpapalakad sa alinman sa mga bansa kung saan pinapalakad ang mga Lokasyon ng Hyatt; o (ii) mga tagapagbigay ng serbisyo na sentral na pinagkukunan, na sumusuporta sa Hyatt sa kabuuan, partikular na sa Estados Unidos (kung saan kami naka-headquarter), sa Switzerland at Hong Kong.

## **7 Impormasyong Kinokolekta Namin Kapag Bumisita Ka Sa Amin Online**

Kung ia-access mo ang anumang website ng Hyatt, maaari mong alamin ang sumusunod:

### **7.1 Maaari Kang Mag-browse Nang Hindi Ipinapaalam ang Iyong Pagkakakilanlan**

Maaari mong bisitahin ang aming mga website anumang oras nang hindi nagla-log in o ibinubunyag ang iyong pagkakakilanlan.

### **7.2 Impormasyon ng Paggamit**

Kapag binisita mo ang aming mga website, kinokolekta namin ang impormasyon tungkol sa paggamit mo sa mga website na iyon. Kabilang sa mga halimbawa ng naturang impormasyon ang Internet Protocol address na awtomatikong itinalaga sa iyong computer sa tuwing magba-browse ka sa Internet, ang petsa at oras ng iyong pagbisita, ang mga page na iyong ina-access at ang tagal ng panahong ginugol mo sa bawat page, ang uri ng Internet browser na ginamit mo, ang operating system ng iyong device at ang URL ng anumang mga website na binisita mo bago o pagkatapos bisitahin ang aming website. Ang impormasyong iyon ay hindi nauugnay sa iyo bilang isang indibidwal maliban kung gumawa ka ng user profile, ngunit maaari naming itala ang uri device na ginagamit.

### **7.3 Cookies at Iba Pang Katulad na Teknolohiya**

Gumagamit kami ng teknolohiya ng cookie sa aming mga website upang mabigyang-daan kaming suriin at pagbutihin ang functionality ng aming mga website. Hindi magagamit ang aming cookies nang mag-isa upang ibunyag ang iyong pagkakakilanlan. Natutukoy ng mga ito ang iyong browser o device, ngunit hindi ang iyong pagkakakilanlan, sa aming mga server kapag binisita mo ang aming mga website. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano gumagamit ng cookies ang Hyatt, bisitahin ang [hyatt.com](http://hyatt.com).

Kung hindi mo gustong tumanggap ng cookies, maaari mong i-block ang mga iyon sa pamamagitan ng pagsasa-ayos sa mga setting sa iyong Internet browser. Gayunpaman, kung iba-block mo ang mga iyon, hindi mo magagamit ang lahat ng



tampok ng aming mga website, kabilang ang mga tampok sa pag-customize na nauugnay sa paggawa ng isang user profile.

Ang higit pang impormasyon tungkol sa cookies at iba pang katulad na teknolohiya at kung paano ito gumagana ay makikita sa [allaboutcookies.org](http://allaboutcookies.org).

#### **7.4 Social Media**

Ang aming mga website ay maaari ring maglaman ng mga plug-in at iba pang mga tampok na nagsasama sa mga third-party na social media platform sa aming mga website. Maisasaaktibo mo ang mga iyon nang mano-mano. Kung gagawin mo ito, matutukoy ka ng mga third party na nagpapatakbo sa mga platform na ito, matutukoy nila kung paano mo ginagamit ang website na ito at maaari nilang i-link at iimbak ang impormasyong ito sa iyong profile sa social media. Pakibasa ang mga patakaran sa pagprotekta ng data ng mga social media platform na ito upang maunawaan ang kanilang gagawin sa iyong personal na data. Kapag isinaaktibo mo ang mga plug-in na ito at iba pang mga tampok, gagawin mo ito sa sariling pagpapasya.

#### **7.5 Paggawa ng User Profile**

Maaari kang gumawa ng user profile sa isang website ng Hyatt, bukod pa sa ibang maaaring gawin, upang pangasiwaan ang iyong mga transaksyon online, at upang iangkop sa iyong mga interes ang iyong karanasan sa aming mga website. Nagbibigay-daan ito sa amin na makagawa ng mas naaangkop na mga rekomendasyon sa iyo. Maaari naming gamitin ang impormasyong ibibigay mo sa iyong user profile upang lagyan ng impormasyon ang iba pang mga database na pinapamahalaan namin at ng aming mga tagapagbigay-serbisyo, kung naaangkop. Sa pamamagitan ng paggawa ng user profile, sumasang-ayon ka na maaari naming gamitin ang personal na impormasyong ibibigay mo para sa mga layuning ito.

Maaari mong tingnan, i-update o alisin ang anumang personal na impormasyong ibinigay mo sa amin na isasama sa iyong user profile sa pamamagitan ng pagbago sa iyong user profile online o pagpapadala ng email sa [conciierge@hyatt.com](mailto:conciierge@hyatt.com). Kung magpasya ka sa ibang pagkakataon na alisin ang iyong user profile, magkakaroon kami ng karapatang gamitin ang anumang personal na impormasyong ibinigay mo dati upang isama sa iyong user profile para sa mga layunin ng pagpapanatili ng talaan at pagtiyak sa kalidad (maliban kung hinihingi sa amin ng batas na tanggalin o ihinto ang pagproseso o paggamit sa iyong personal na impormasyon). Kahit na piliin mong huwag gumawa ng user profile, maaari mo pa ring gamitin ang aming mga website upang maghanap at bumili ng mga serbisyo.

#### **7.6 Mga Link sa Iba Pang Mga Website**

Kung bibisitahin mo ang website ng Hyatt at magpasya ka, halimbawa, na bumili ng gift certificate, gumawa ng pagpapareserba sa airline, magrenta ng kotse, magsumite ng mga form ng hiling sa award o mag-apply sa isang trabaho online, mali-link ka nang walang problema sa mga website na pinapamahalaan ng mga third party na kinontrata namin upang ibigay ang mga serbisyong iyon. Kung magki-click ka sa isang link na makikita sa aming mga website o sa anumang iba pang website, palagi mo dapat tingnan ang bar ng lokasyon sa loob ng iyong browser upang matukoy kung na-link ka sa ibang website. Limitado ang Patakarang ito, at ang aming responsibilidad, sa sarili naming mga kasanayan sa pagkolekta ng



impormasyon. Hindi kami responsable sa, at hindi namin palaging matitiyak, ang mga kasanayan sa pagkolekta ng impormasyon o mga patakaran sa pagkapribado ng iba pang mga website na pinapamahalaan ng mga third party o ng aming mga tagapagbigay-serbisyo kung saan mo isinusumite nang direkta ang iyong personal na impormasyon sa mga naturang website. Bukod pa rito, hindi namin matitiyak ang nilalaman ng mga website na pinapamahalaan ng mga third party na ito o ng aming mga tagapagbigay-serbisyo, kahit na naa-access ang mga ito gamit ang isang link mula sa aming mga website. Hinihikayat ka naming basahin ang mga patakaran sa pagkapribado at seguridad ng anumang mga panlabas na site bago magbigay ng anumang personal na impormasyon habang ina-access ang mga website na iyon.

## **7.7 Seguridad**

Dahil mahalaga sa amin ang seguridad ng iyong personal na impormasyon, gumagamit kami ng software ng Transport Layer Security (“**TLS**”) upang ma-encrypt ang personal na impormasyong ibinibigay mo sa amin. Kapag gumagamit ng TLS, ang pagpapadala ng iyong personal na impormasyon sa amin online ay naka-encrypt. Maaari mong tiyakin kung ipinapadala ang iyong personal na impormasyon gamit ang pag-encrypt ng TLS sa pamamagitan ng pagkumpirma sa simbolo ng isang nakasarang kandado o solid na susi sa loob ng iyong browser address. Maaari mo ring tiyakin na ma-e-encrypt ang iyong personal na impormasyon gamit ang TLS sa pamamagitan ng pagtiyak na ang prefix para sa web address na nakalista para sa pahinang iyon ay nagbago mula “http” at naging “https”. Kung hindi mo nakikita ang naaangkop na simbolo at/o ang prefix na “https”, hindi mo dapat isipin na ma-e-encrypt ang personal na impormasyong hinihiling sa iyo bago ito ipadala.

Iniiimbak namin at/o ng aming mga tagapagbigay-serbisyo ang personal na impormasyong kinokolekta namin mula sa iyo online sa mga database na pinoprotektahan sa pamamagitan ng isang kumbinasyon ng mga pisikal at electronic na kontrol sa pag-access, teknolohiya ng firewall at iba pang mga makatuwirang hakbang panseguridad. Sa kabila noon, hindi mapipigilan ng mga naturang hakbang panseguridad ang lahat ng pagkawala, maling paggamit o pagbabago sa personal na impormasyon at hindi kami responsable sa anumang mga pinsala o pananagutang may kinalaman sa anumang mga naturang pangyayari sa sakop na pinapahintulutan ng batas. Kapag iniaatas ng batas, aabisuhan ka namin tungkol sa anumang naturang pagkawala, maling paggamit o pagbago sa personal na impormasyon na maaaring makaapekto sa iyo, upang magawa mo ang mga naaangkop na pagkilos para sa nararapat na pagprotekta sa iyong mga karapatan.

## **7.8 Mga Menor de Edad na Bata**

Hindi nagbebenta ang aming mga website ng mga produkto o serbisyo upang mabili ng mga bata at hindi kami hayagang nanghihingi o nangongolekta ng personal na impormasyon mula sa mga bata. Kung wala ka pang 18 taong gulang (o isang menor de edad sa hurisdiksyon kung saan mo ina-access ang aming mga website), maaari mo lang gamitin ang aming mga website kung mayroon kang kasamang magulang o guardian.

### **7.9 Tina-target na Pag-a-advertise**

Kung saan pinapahintulutan ng batas, maaari kaming makipagtulungan sa iba pang mga kumpanya upang magpakita sa iyo ng mga advertisement o marketing na sa aming palagay ay maaaring mahalaga at kapaki-pakinabang sa iyo. Maaaring kasama rito ang mga advertisement na ipinapakita sa aming mga website o app, o mga komunikasyong ipinapadala namin, o mga advertisement mula sa amin na ipinapakita sa mga website ng ibang mga kumpanya. Ang mga nakikita mong advertisement ay maaaring batay sa impormasyong nakolekta namin o ng mga third party at/o maaaring batay sa iyong mga aktibidad sa aming mga website o mga website ng third-party.

## **8 Mga App**

Kapag nag-download ka o nagparehistro upang magamit ang isa sa aming mga app, maaari kang magsumite ng personal na impormasyon sa amin gaya ng iyong pangalan, address, email address, numero ng telepono, petsa ng kapanganakan, username, password at iba pang impormasyon sa pagpaparehistro, pampinansyal na impormasyon at impormasyon ng credit card, personal na paglalarawan at/o larawan.

Higit pa ryan, kapag ginamit mo ang aming mga app, maaari kaming awtomatikong mangolekta ng ilang partikular na impormasyon, kabilang ang teknikal na impormasyong nauugnay sa iyong mobile device, natatanging pantukoy ng iyong device, impormasyon ng iyong mobile network, ang uri ng mobile browser na ginagamit mo at impormasyon tungkol sa paggamit mo sa app.

Depende sa partikular na app na ginagamit mo at pagkatapos mong sumang-ayon sa naturang pagkolekta, maaari rin kaming mangolekta ng impormasyong nakaimbak sa iyong device, kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mga listahan ng mga kaibigan, impormasyon sa pag-login (kung saan kinakailangan upang magbigay-daan sa aming makipag-ugnayan sa iba pang mga app ayon sa iyong hiniling), mga larawan, mga video, impormasyon ng lokasyon o iba pang digital content. Ang mga karagdagang detalye ng mga uri ng impormasyong kinukuha namin ay nakasaad sa abiso sa pagkapribado sa bawat indibidwal na app.

## **9 Pagpipilian**

Anumang oras ay maaari mong piliin kung anong personal na impormasyon (kung mayroon) ang gusto mong ibigay sa amin. Gayunpaman, kung pipiliin mong huwag ibigay ang ilang detalye, maaaring maapektuhan ang ilan sa iyong mga karanasan sa amin (halimbawa, hindi kami maaaring tumanggap ng pagpapareserba nang walang pangalan).

Kung ibibigay mo sa amin ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan (hal., postal address, email address, numero ng telepono o numero ng fax), maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo upang ipaalam sa iyo ang tungkol sa mga produkto, serbisyo, promo at kaganapang iniaalok na sa tingin namin ay maaari kang maging interesado. Maaari rin naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga maingat na piniling third party, na maaaring direktang makipag-ugnayan sa iyo. Sa ilang hurisdiksyon, maaaring hilingin sa amin ng mga batas sa pagkapribado ng data na humingi ng hiwalay na pahintulot bago namin ito gawin. Anumang oras ay maaari mong piliin kung tatanggap o hindi ng anuman o lahat ng pakikipag-ugnayang ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gaya ng



inilalarawan sa Seksyon 12 sa ibaba o pagsunod sa mga tagubilin sa “pag-unsubscribe” na nakapaloob sa mga pakikipag-ugnayan.

Kung mayroon kang account sa aming programa para sa madalas na bisita (hal. World of Hyatt®), hinihiling namin sa iyong isaad ang iyong mga kagustuhan sa pakikipag-ugnayan sa oras na mag-apply ka upang maging miyembro o kapag gumawa ka ng iyong user profile. Maaari rin naming hilingin sa iyo na isaad kung paano mo gustong makatanggap ng anumang mga alok, impormasyon sa marketing at promosyon (hal., sa pamamagitan ng email o regular na koreo) at kung gusto mong lumahok sa mga survey. Sa sandaling naisaad mo na ang iyong mga kagustuhan, maaari mong baguhin ang mga iyon anumang oras.

Sa ilang hurisdiksyon, bilang karagdagan sa iyong pagsang-ayon sa Patakarang ito, maaaring iatas sa amin ng mga batas sa pagkapribado ng data na humingi ng hiwalay na pahintulot bago ka namin padalhan ng impormasyong hindi mo partikular na hiniling. Sa ilang pagkakataon, ang iyong pahintulot ay maaaring ipinahiwatig (hal., kapag kailangan ng komunikasyon upang matugunan ang iyong mga hiling at/o kapag boluntaryo kang nagbigay ng impormasyon upang magamit namin). Sa iba pang mga pagkakataon, maaari naming hayagang hingin ang iyong pahintulot alinsunod sa mga naaangkop na batas (hal., kapag itinuturing na Sensitibong Personal na Impormasyon ang impormasyong nakolekta sa ilalim ng mga lokal na regulasyon).

Susunod kami sa anumang hiling mula sa iyo na huwag magpadala sa iyo ng mga materyal ng direktang marketing. Kapag nakatanggap kami ng ganitong hiling, “itatago” ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa halip na tanggalin. Titiyakin nito na naitala at pananatilihin ang iyong hiling maliban kung magbibigay ka ng pahintulot na magpapawalang-bisa rito sa ibang pagkakataon.

## **10 Pag-update o Pag-access sa Iyong Personal na Impormasyon**

May mga karapatan kang i-access at i-update ang personal na impormasyong nasa amin tungkol sa iyo, nang may ilang limitadong pagbubukod. Kung gusto mong magtanong tungkol sa anumang personal na impormasyon na maaaring mayroon kami tungkol sa iyo, maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng nakasulat na kahilingan sa pamamagitan ng liham o email sa mga address na nakalagay sa Seksyon 12 sa ibaba. Pakitiyak na isama ang iyong buong pangalan, address at numero ng telepono at isang kopya ng dokumento na nagpapatunay sa iyong pagkakakilanlan (gaya ng ID card o passport) upang matiyak namin ang iyong pagkakakilanlan at kung mayroon kaming anumang personal na impormasyon patungkol sa iyo, o kung sakaling kailanganin naming makipag-ugnayan sa iyo upang kumuha ng anumang karagdagang impormasyong maaaring kailanganin namin upang magawa ang pagpapasyang iyon. Kapag gumawa ka ng mahigit sa isang hiling nang magkakasunod, maaari kaming tumugon sa iyong kasunod na hiling sa pamamagitan ng pagtukoy sa aming naunang tugon at pagtukoy lang sa anumang mga item na talagang nagbago.

Maaari kang humiling na itama namin, tanggalin, at/o ihinto o higpitan ang pag-proseso ng personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat o e-mail sa address na nakatala sa Seksyon 12 sa ibaba. Kung sumang-ayon kami na mali ang personal na impormasyon o dapat huminto ang pagproseso, tatanggalin o itatama namin ang personal na impormasyon. Kung hindi kami sumasang-ayon na mali ang personal na impormasyon, sasabihin namin sa iyo na hindi kami sumasang-ayon, ipapaliwanag namin sa iyo ang aming dahilan sa pagtanggap at itatala



namin ang katotohanang itinuturing mong mali ang personal na impormasyong iyon sa (mga) nauugnay na file.

Kung hindi ka nasisiyahan sa kung paano namin tinugunan ang iyong kahilingan, maaari mong ipaabot ang iyong alalahanin sa Chief Privacy Officer sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa [privacy@hyatt.com](mailto:privacy@hyatt.com).

## **11 Mga Pagbabago sa Patakarang ito**

Gaya ng patuloy na pagbabagu-bago ng aming negosyo, maaari ring magbago ang Patakarang ito. Upang makatulong sa iyo, may nakatakdang petsa ng pagkakaroon ng bisa ang Patakarang ito sa dulo ng dokumentong ito.

## **12 Hiling para sa Pag-access sa Personal na Impormasyon/Mga Tanong o Reklamo**

Kung mayroon kang anumang mga mga tanong tungkol sa Patakarang ito, tungkol sa pagpoproseso ng iyong data na inilarawan, o anumang mga alalahanin o reklamo patungkol sa pagpapatupad ng Patakarang ito, o kung gusto mong magsumite ng kahilingan (sa paraang inilarawan sa Seksyon 10 sa itaas) upang gamitin ang iyong karapatan na may kinalaman sa personal na impormasyon na aming pinapanatili tungkol sa iyo, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na paraan:

- sa pamamagitan ng pagtawag sa isa sa mga sumusunod na numero ng reserbasyon na walang bayad na nasa page ng Customer Service sa [hyatt.com](http://hyatt.com);
- sa pamamagitan ng koreo sa Hyatt Hotels & Resorts, Attn: Consumer Affairs, 9805 Q Street, Omaha, NE 68127, United States; o kaya
- sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa front desk sa alinman sa aming mga lokasyon.

Kung hindi ka nasisiyahan sa tugon na natanggap mo, maaari mong ipaabot ang iyong concern sa Chief Privacy Officer sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa [privacy@hyatt.com](mailto:privacy@hyatt.com).

Bagama't kung nag-iisa ay hindi makakagawa ang Patakarang ito ng mga karapatang pangkontrata, tiniyak ng Hyatt ang pagsunod sa ilan sa mga legal nitong obligasyon sa ilang bansa kaugnay ng personal na impormasyon sa pamamagitan ng paggawa ng mga ipinapatupad na pamantayan at patakaran (kilala sa ilang bansa bilang mga ipinapatupad na panuntunan ng kumpanya), na inaprubahan ng ilang pambansang tagakontrol ng pagkapribado. Bilang resulta, depende sa iyong mga sitwasyon at lokasyon, maaaring maipatupad mo ang iyong mga karapatan sa pagkapribado gamit ang mga pamantayan o patakarang ito sa pamamagitan ng tagapagpatupad na iyon o isang hukuman. Kung gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa mga pamantayan at mga patakarang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Hyatt Hotels & Resorts sa address sa itaas, o sa Chief Privacy Officer sa email address sa itaas.

Ang lahat ng hiling para sa pag-access sa iyong personal na impormasyon ay dapat na isumite nang nakasulat sa pamamagitan ng isang liham o email. Maaari kaming tumugon sa iyong hiling sa pamamagitan ng koreo, email, telepono o anumang iba pang naaakmang paraan.



Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Mayo 2018

Kung sakaling mayroong anumang mga hindi pagkakatugma sa pagitan ng Ingles na bersyon ng Patakarang ito at ng anumang bersyon ng Patakarang ito sa anumang iba pang wika, dapat mangibabaw ang Ingles na bersyon.